EXCERPTS MULA SA **‘SI AMAPOLA SA 65 NA KABANATA’**

**(1)**

"ANG ALAMAT NG BAKLA"
kung saan nagto-tutor ang baklang
si Amapola sa batang si Truman.

Hindi nauubusan ng tanong si Truman. Sa hapong ito, matapos ko siyang i-tutor sa Makabayan at nagluluto na ako ng kanilang hapunan, ay kinarir na naman ang mga tanong. Ate Amy, ba't me Tuesday? Ba't minsan wala kang kilay? Ba't hindi ako naging Amerikano? Bakit me buhok sa ibaba si Tatay? (Ha? Sabihin mo sa Tatay mo, patingin!) Ilan ang notebook sa buong mundo? Sino ang nakaimbento ng libag?

Pag nainis ako, tuturuan ko itong mag-split e!

Hindi pa pala tapos. Biglang bumaling sa akin, sabay tanong. Ate Amy, ba't me bakla?

Imagine, Truman, isang mundo na walang couturier, walang parlorista, walang impersonator, gusto mo ba 'yun?

Di ko alam. Pero ba't me bakla? Saan sila nanggaling? Di na ba sila aalis?

Gusto mo ba akong umalis?

Umiling siya. Nilapitan ko siya at naupo ako sa tabi niya. Sige na nga, mamaya na ang dinner. Makinig ka. Ikukuwento ko sa'yo ang Alamat ng Bakla.

Me alamat ang bakla?
Naman batman palaman superman!
Sige...
Noong unang panahon...
Bakit lagi na lang unang panahon? Meron bang ikalawa?
Gusto mo ba o ayaw?
Gusto.

Noong unang panahon, o maski na ilang panahon pa iyon, wala pang lalaki, wala pang babae, wala

pang maski na ano. Pero me isang dilaw na ibong lipad nang lipad.

E ano 'yung ibon, lalaki o babae?
Ma! Di ko na-check!
E sino ang lumikha ng ibon?
Si Bathala.
Sino ang lumikha kay Bathala?
Wala! Kasi siya ang Manlilikha. Gusto mo bang hindi kita ipalikha?
Ay, sorry!

So itong ibon, lipat nang lipad pero bored na bored na talaga. Me nakitang kawayan. Tinuka niya. Lumabas ang isang pagkaganda-ganda at pagkaseksi-seksing bakla! Kontodo naka-gown pa, pink na pink! Winner talaga! Pero siyempre hindi pa bakla ang tawag sa kanya noon.

Ang sabi ng titser namin, ang unang lumabas, lalaki!

Siguro homophobic ang teacher mo! Alam mo ba na pag homophobic ang tao, 9 out of 10, bakla siya? Tuloy ko na ha? Pagkatapos, tinuka naman ng bird iyong isa pang kawayan. At ang lumabas naman ay isang lalaki, naka-briefs na Bench.

Me Bench na noon?
Oo. Iyon ang unang Bench. At iyon ang unang lalaki, si Malakas. Tapos, tinuka niya 'yung isa pang kawayan at ang lumabas naman ay isang babae. Tinawag niya na si Maganda.

Ba't 'yung babae di puwedeng tawaging Malakas din?
Me tama ka d'yan!
At saka ba't yung lalaki at babae, me pangalan.
'Yung bakla, sabi mo wala pa?

Kasi nahihirapan si Bathala na bigyan siya ng pangalan, kasi araw-araw ay nagpapalit siya ng anyo. Minsan ay may suot na bonggaderang headdress, na type niyang ipahiram kay Bathala. At minsan naman ay nakasombrero. Minsan ay pa-mhin, minsan ay mahinhin, minsan ay malandi, minsan ang gusto ay lalaki at minsan naman ay type niya pareho lalaki man o babae. Tinanong

tuloy siya ni Bathala. Gusto mo bang lituhin ang mga tao?

Hindi po, sagot ng bakla.Gusto ko lang pong ipakita na nang likhain n'yo ako, ang nalikha n'yo ay hindi iisa kundi marami. Na hindi kayo lugi.

Impressed si Bathala sa sagot kaya sinabi niya--Sa paglipas ng panahon ay marami ang di makakaintindi sa'yo. Lalaitin ka at aalipustahin at ida-down, at madalas pa nga ay itatago kang parang isang kasalanang nakakahiya. Pero may ibibigay ako sa'yong isang regalo--ang karapatan mo na mamili kung ano ang gusto mong maging sino.

Wow! Sabi ni Truman.

At hindi ka nila puwedeng i-etsa-puwera, patuloy ni Bathala, dahil mula ngayon ay tatawagin kang Bakla, na ang ibig sabihin ay--ba, ka, at la. Bahagi ka ng lahat.

Galing! E ikaw, Ate Amy, anong tawag sa'yo?

Labels lang 'yan, Truman. Maski anong itawag mo sa akin--bakla, transvestite, transgender, bisexual at kung ano-ano pa--di pa rin magbabgo kung ano ako.
Ano?
Maganda!
E 'yung ibon, anong nangyari sa kanya?
Ayun, nagka-identity crisis! Nalukring at di na tumuka mula noon!
E ang tomboy, sa'n naman nanggaling?
Naku, problema na nila 'yun! Mag-imbento sila ng sarili nilang alamat!

**(2)**

"Iba't ibang complex meron ang mga manananggal na umaatend sa Aswang Group Therapy Sessions. Me kalahati lang ng katawan ang tanggap, kaya laging kinukurot-kurot at sinasampal ang lower body, ano ka ba, ang pangit-pangit mo, d'yan ka lang! Me mambabarang naman, type maging manananggal, sa pamamagitan ng kutsilyo ay try nang try na mahati ang katawan,

kaya ang tiyan puro stretch marks. 'Yung isa naman, me fear of heights, kung lumipad ay hanggang lupa lang, o kaya ay pahiga, di makatingin sa ibaba. Merong abugado, manananggol na nga daw siya ay manananggal pa rin, kaya sa korte ay laging conscious magsalita, iniisip na pinagtatawanan siya. Me isa naman, nahuli ng mga tao, siya pala ang flying voter sa distrito nila, pinagtangkaang patayin kaya takot na takot, ayaw nang maging aswang. Meron namang palit nang palit ng jowa, akala ng iba'y playboy, 'yun pala'y nilalafang niya. Merong me Alzheimer's, laging nakakalimutan kung saan iniwan ang kalahating katawan, o kaya ay nang-aangkin ng katawan ng iba. Merong kambal na manananggal, nalilito sa ibig sabihin ng hating kapatid.

Dahil delikado, ginagamit namin ang isang di-gaanong kilalang opisina sa Timog, na ang may-ari ay mayamang Noranian na kaibigan ni Emil. Kapag may biglang dumarating na ibang tao ay nagpapanggap kaming nagyo-yoga, naka-levitate at nakapikit. O kaya naman ay Born Again. Sabay-sabay na nagtataas ng mga kamay. Purihin! Purihin!”